THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Linggo ng Kabataan (LNK) Sports Competition, isinagawa! (See Team pictures inside!)

VOLUME I No. 40 Aug 15, 2022 - Aug 21, 2022

# Mga kabataang Mindorenyo Balik Eskwela na!







EXCITED ang mga mag-aaral sa ilang mga paaralang nabisita ng team ng BalitangGSM sa pagbubukas ng klase noong Agosto 22.

Nakataas ang mga kamay, tila nag-uunahang sumagot sa tanong ng kanilang guro.

Ayon kay Camilmil Central School Grade IV teacher Madam Maricel Raymundo at sa iba pang mga guro mula sa ibang mga paaralan na nakapanayam ng BGSM team, sa unang linggo anila, nakatuon sila sa psychosocial activities ng mga bata. Paraan upang ihanda sila sa kanilang nakasanayang modular learning at ang muling pakikisalamuha sa kanilang mga kaklase sa ilalim ng new normal.

Bahagi naman ito ng programa ng Department of Education (DepEd) lalo pa't dalawang taon ang nakalipas bago pa nila huling naranasan ang face-to-face classes bunsod ng COVID -19 pandemic.

Ayon kay SDO-Oriental Mindoro Curriculum Implementation Unit, Education Program Supervisor Elmar T. Alzate, base sa kanilang monitoring sa mga paaralang saklaw ng kanilang distrito, matagumpay naman ang naging class opening maliban sa ilang mga paaralang hindi nakasabay dahil sa aniya'y naitalang kaso ng COVID-19 sa barangay na nasasakupan ng mga konsernadong paaralan. Ngunit sinabi niyang handang-handa naman aniya pa, ang mga guro nito at anytime ay maaari na silang magbukas kapag naitiyak na ang seguridad sa kalusugan sa natukoy na lugar na nagkaroon ng COVID. Sa ngayon, wala naman, aniyang naiulat na naging suliranin dahil naihanda na ang mga pasilidad na gagamitin ng mga eskwela para sa pagbubukas na ito.

Sa Aurora National High School (ANHS), ayon kay ANHS Principal IV Jury L. Roxas, tuluy-tuloy pa rin aniya, ang mga nag-e-enroll sa kanilang paaralan. Kumpara aniya pa, sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral noong pre-pandemic tumaas ito ngayon ng 2% kung saan ang dating 1,030 mag-aaral, ngayon ay nasa 1,208 na. Kabilang na rito ang pinagsamang Senior and Junior High School students at mahigit 100 bilang ng mga mag-aaral na katutubong Mangyan Alangan.

Hinikayat naman ni Madam Roxas ang mga out-of -school youth (OSY) na magbalik eskwela na rin dahil malaking tulong aniya ito para sa kanilang magandang kinabukasan. Kasunod nito, pinasalamatan niya ang lahat ng stakeholders ng kanilang paaralan na nagtulung-tulong para sa tagumpay na ito ng pagbabalik sa face-to-face classes ng kanilang paaralan partikular na ang mga magulang, Naujan-LGU at ang barangay officials (PIO Oriental Mindoro).





THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM




# *Linggo ng Kabataan (LNK) Sports Competition*















For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361







# *Linggo ng Kabataan (LNK) Sports Competition, isinagawa!*

*"Kayong mga kabataan ang sentro ng paglilingkod ko."*

*Ito ang naging mensahe ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor sa isinagawang programa kaugnay ng pormal na pagsisimula ng Linggo ng Kabataan (LNK) Sports Competition ngayong araw, Agosto 19, sa Sentrong Pangkabataan, Lungsod ng Calapan.*

*Ibinahagi rin ng Gobernador kung paano nagkaroon ng katuparan ang Sentrong Pangkabataan na minsan niyang pinangarap 25 taon na ang nakararaan, noong siya ay Sangguniang Kabataan Provincial Federation (SKPF) President ng Oriental Mindoro. Aniya pa, natutuwa siya sapagka't napapakinabangan na ito ngayon ng mga kabataan para sa mga ganitong gawain. "Ito ay legasiya ng aking paglilingkod na iniaalay ko para sa lahat ng kabataang Mindoreño." dagdag pa ni Governor Bonz.*

*Samantala, nagkaloob si Governor Bonz ng tig-10 libong piso sa bawat delegasyon bilang subsidy ng Pamahalaang Panlalawigan para sa mga pangangailangan ng mga ito.*

*Ang naturang kompetisyon ay nilahukan ng mga kabataang Mindoreño na may edad 15 hanggang 25 taong gulang mula sa 14 na bayan at isang lungsod ng lalawigan. Tatagal naman ito hanggang Agosto 21.*

*Ang gawain ay itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng tanggapan ng Governor's Office-Special Concerns Division/ Youth and Sports sa pakikipagtuwang sa SKPF at Provincial Youth Development Council.*

*Ang gawain ay magkatuwang na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Governor's Office-Special Concerns Division/Youth and Sports at OMDS (PIO Oriental Mindoro).*












THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 40 Aug 15, 2022 - Aug 21, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *TAUMBAYAN ANG MASUSUNOD*

## *Community Organizers Training Program isinagawa!*




GINANAP ang isang makabuluhang pagsasanay para sa mga bagong Community Organizers ng City Government of Calapan na bababa sa mga barangay upang ilapit sa mga mamamayang Calapeño ang TAMA Program o ang TAumbayan ang MAsusunod Program.

Isa sa mga layunin nito ay ang pakikipagugnayan ng mga kawani ng pamahalaang lungsod sa pamamagitan ng mga Community Organizers sa mga pangkaraniwang mamamayan kung paano matutugunan at masosulusyunan ang mga problema sa barangay upang sa gayon ay mailatag ang mga komprehensibong plano para maisakatuparan sa pamamagitan ng pagkonsulta sa mga mamamayan ang mga proyekto at programa hatid ng administrasyong Morillo (City Information Office).



